# Spa sa QC, ipinasara ni Mayor Joy B

## *'FRONT' NG SEX DEN*

**Ni ANGIE DELA CRUZ**

Magkasamang isinara nina Quezon City Mayor Joy Belmonte at QCPD chief Col. Ronnie Montejo ang isang spa na ginagawang sex den sa E. Rodriguez sa lungsod.

Ayon kay Mayor Belmonte ang ipinasara ay ang Dragon Spa na may tatlong palapag dahil sa paglabag sa RA 10364 o Expanded Human Trafficking in relation to RA 10175 o Cybercrime Prevention Act of 2012 at paglabng sa SP-91 Series 1993 o QC Revenue Code dahil sa hindi pagkuha ng business permit mula 2017.

Sinabi ni Belmonte na ang operasyon ng naturang spa ay ginagawa sa pamamagitan ng paggamit ng Facebook account na nagpapakita ng larawan ng mga babae na nagnanais ng extra service at may nakalagay sa account ng halaga ng serbisyo mula P500 hanggang P1,000.

Apat na babae ang narescue sa naturang spa habang dinala rin ang nadatnang kahera at isang kostumer.

Ang operasyon anya ng spa ay sa FB page ang booking ng mga babae at ang parukyano ay saka na lamang magbabayad sa cashier ng spa pagnais ng extra service.

Inutos na ni Belmonte kay QC Business Permit and Licensing Office Chief Margie Santos na busisiin ang may 100 online spa sa lungsod upang maparusahan kapag may mga paglabag na isinasagawa.

Ayon kay Montejo, nagkalat ang mga condoms sa mga kuwarto ng naturang spa kung saan napatunayan ang ilegal na operasyon nang magkunwaring kostumer ang isa niyang tauhan.

Ayon kay Belmonte, bukod sa mananagot sa batas ang may ari ng spa, isasama din nilang kasuhan ang may ari ng gusali na ginagamit na sex den ang kanyang establisimiento.

Ayon kay Montejo, naipasara na noong nagdaang linggo ng NBI ang naturang spa pero nagbalik ulit sa illegal operation kayat ipinasara na nila ni Mayor Belmonte.



*Si Quezon City Mayor Joy Belmonte matapos na ipasara ang Dragon Spa na nasa E. Rodriguez na ginagamit bilang sex den at dahil sa iba pang paglabag.*